10

Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# FILIPINO
## Ikatlong Markahan – Modyul 6

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Jayd Reignor D. Pascual
**Tagaguhit:**
**Tagalapat:**
**Tagasuri ng Nilalaman:** Gina B. Valdez
**Tagasuri ng Wika:** Rico C. Tarectecan
**Tagapamahala:** Malcolm S. Garma, Regional Director – NCR
Alejandro G. Ibañez, CESO VI, OIC- Schools Division Superintendent
Genia V. Santos, CLMD Chief – NCR
Loida O. Balasa, CID Chief SDO Navotas City
Ma. Gloria G. Tamayo, EPS Filipino – NCR
Dennis M. Mendoza, LR EPS - NCR
Rico C. Tarectecan, EPS Filipino SDO Navotas City
Grace R. Nieves, LR EPS SDO Navotas City
Nancy C. Mabunga, Librarian – NCR
Vergel Junior C. Eusebio, PDO II LRMS
Shirley Eva Marie V. Mangaluz, Librarian II LRMS

**Pag-aari ng Gobyerno. Hindi Ipinagbibili**

# SUNDIATA: ANG EPIKO NG SINAUNANG MALI

## INAASAHAN

Upang higit na maunawaan ng mga Baitang 10 ang Epiko mula sa Mali, West Africa at iba't ibang ekspresiyong maaaring gamitin sa pagpapahayag ng layon o damdamin sa SLeM na ito ang mga mag-aaral ay inaasahang:

1. Nabibigyang-puna ang napanood na teaser o trailer ng pelikula na may paksa sa katulad ng binasang akda (F10PN-IIId-e-77)

2. Nasusuri nang pasulat ang damdaming nakapaloob sa akdang binasa at alinmang social media (F10PU-IIId-e-81)

3. Nabibigyang kahulugan ang damdaming nangingibabaw sa akda (F10WG-IIId-e-74)

## UNANG PAGSUBOK

Narito ang maikling pagsubok na may layong sukatin ang iyong kaalaman sa araling pag-aaralan.

**Panuto**: Bilugan ang sambitla sa bawat pangungusap. Pagkatapos, piliin ang kahulugan ng damdaming ipinahahayag nito mula sa kahon. Isulat ang sagot bago ang bilang. (10 puntos)

| | | |
|---|---|---|
| **Nagpapayo o Nagmumungkahi** | **Nag-aanyaya o Nag-iimbita** | **Nananakot** |
| **Nag-aalala** | **Nanunumpa o nangangako** | **Pagsang-ayon at Pagsalungat** |

________________1. Mali, ang iyong ipinagdidiinang panukala.

________________2. Huwag kang magsinungaling, kung hindi lagot ka sa akin.

________________3. Kung ako ikaw, di ko itutuloy ang aking masamang balakin.

________________4. Inaanyayahan kita sa isang pagpupulong sa darating na linggo.

________________5. Itaga mo sa bato, ang aking mga sinambit ay pawang katotohanan.

## BALIK-TANAW

**Panuto**: Panoorin at suriin ang teaser o trailer ng pelikula sa link na ito https://www.youtube.com/watch?v=JOddp-nlNvQ. Pagkatapos, punan ang talahanayan sa ibaba ayon sa iyong puna kaugnay sa pananood na teaser.

| Ano ang Pamagat ng teaser o trailer ng pelikula? Ipagpapatuloy mo ba ang panonood ng buong serye nito? Bakit Oo? Bakit hindi? | Ano ang masasabi mo sa napanood mong trailer? Naging maganda ba ito at kaakit-akit panoorin? Ipaliwanang. | Karaniwan bang ganito ang tema ng mga kwento? May napanood ka bang palabas na may katulad na tema? Ilahad. | Kahalagahang binigyang-diin sa akda |
|---|---|---|---|
| | | | |

**Pamantayan sa Pagmamarka sa Balik-tanaw**

| Mga Krayterya | 5 | 4 | 3 | 2 |
|---|---|---|---|---|
| **Organisasyon** | Mahusay ang paglalahad ng ideya sa kabuoan batay sa napanood na trailer ng pelikula. | Maayos ang paglalahad ng ideya sa kabuoan batay sa napanood na trailer ng pelikula. | May lohikal na organisasyon ngunit hindi masyadong mabisa ang paglalahad ng ideya sa kabuoan | Hindi maayos ang organisasyon at paglalahad ng ideya sa kabuoan batay sa napanood na trailer ng pelikula |
| **Lalim ng Repleksyon** | Napakalalim ang repleksyong ipinahayag batay sa napanood na trailer ng pelikula. | Malalim ang repleksyong ipinahayag batay sa napanood na trailer ng pelikula. | Mababaw at hindi gaanong organisado ang repleksyong ipinahayag batay sa napanood na trailer ng pelikula. | Napakababaw at walang repleksyong ipinahayag batay sa napanood na trailer ng pelikula. |

# MAIKLING PAGPAPAKILALA NG ARALIN

Makatutulong ang bahaging ito sa pag-aaral ng modyul upang maunawaan at masagutan ang mga inihandang gawain.

**Alam mo ba na…**

MAY IBA'T IBANG EKSPRESIYON NA MAAARING GAMITIN SA PAGPAPAHAYAG NG LAYON O DAMDAMIN

- Mga Ekspresiyong ginagamit **sa pagpapayo at/o pagmumungkahi.**
  - **Kung ako ikaw,** mas pipiliin ko ang magpahinga muna.
  - **Ano kaya** kung pumanig ka na sa amin?
  - **Mas** makatutulong sa iyo ang masusing pag-aaral.
  - **Siguro makabubuting** ibahin mo ang iyong panimula.
  - **Higit na mabuting** ito ang unahin mo.
  - **Inaakala kong mas makabubuti** kung hindi susunugin ang mga hindi natutunaw na basura.
- Mga Ekspresiyong ginagamit **sa pag-aanyaya o pag-iimbita/ panghihikayat.**
  - **Halika**, tingnan mo ito't napakarikit.
  - **Gusto mong sumang-ayon** sa aking pinaniniwalaan?
  - **Puwede ka ba** bukas sa ating pagpaplano?
  - **Inaanyayahan** kitang pakatimbangin ang mga bagay-bagay.
- Mga Ekspresiyong ginagamit **sa pagbababala na maaaring may kasamang pananakot (mahalaga ang intonasyon sa pahayag) at/o pag-aalala (may kasamang inilalarawang sitwasyon).**

  Babalang may kasamang **pananakot**
  - Huwag kang sinungaling; kung hindi **lagot ka** sa akin!
  - Kung hindi ka titigil, **pupulutin ka sa kangkungan**!
  - Babalang may kasamang **pag-aalala**
  - Hinay-hinay sa inyong pagsasalita, **mag-ingat kayo**.
  - Mapanganib iyan, kaya **tingnan ang tinatahak.**
- Mga Ekspresiyong ginagamit **sa panunumpa at/o pangangako.**
  - **Pangako,** hindi kita iiwan.
  - **Sumpa man**, ang iyong paniniwala ay isang malaking pagkakamali.
  - **Itaga mo sa bato**, ang aking winika ang katotohanan.
  - Hindi ako nagsisinungaling**, tamaan man ako ng kidlat**.
- Mga Ekspresiyong ginagamit **sa pagsang-ayon at pagsalungat.**
  - **Tama,** mahusay ang mga patakarang kaniyang ipinatupad.

- **Ganyan din ang aking palagay**, iyan ang solusyon sa suliraning ating kinaharap.
- **Mali** ang iyong ipinagdidiinang panukala.
- **Walang** pakinabang na maidudulot iyan.
- **Ikinalulungkot ko ngunit** di iyan magbubunga ng positibo.

***Ang mga ekpresiyong ginagamit sa pagpapahayag ng layon o damdamin ay maaaring pangkatin sa sumusunod:***

| Salita/Parirala | Matatalinghagang Pananalita | Pang-ugnay | Patanong/ Tanong |
|---|---|---|---|
| *kung ako ikaw*<br>*pangako*<br>*sumpa man*<br>*pangako*<br>*lagot ka*<br>*ganyan ang aking palagay*<br>*inaanyayahan*<br>*mag-ingat kayo*<br>*tingnan ang tinatahak*<br>*lagot ka* | *itaga mo sa bato*<br>*tamaan man ako ng kidlat*<br>*pupulutin sa kangkungan* | *mas*<br>*wala*<br>*mali*<br>*tama*<br>*siguro*<br>*higit/na*<br>*ngunit* | *Ano kaya?*<br>*Puwede ka ba?* |

## GAWAIN A

**Panuto**: Basahin at unawaing mabuti ang teksto. Piliin ang mga pangungusap na nagpapahayag ng iba't ibang ekspresiyon at isulat ito sa hanay kung saan ito nabibilang.

**Dakilang Bayani: Rizal o Bonifacio?**
**ni Maricel T. Nucup**

Ang argumentong ito ay naging pangkaraniwan na. Ito'y matagal nang isyu na paulit-ulit nang tinitimbang: sino nga ba ang dakilang bayani ng Pilipinas si Jose Rizal o Andres Bonifacio? Pareho silang may prinsipyo at hangarin- ang ipaglaban ang karapatan ng mga Pilipino at kamtin ang kalayaan ng Inang- bayan. Kanino ka papanig?

**Maka-Bonifacio:** Kung ako ikaw kaibigan, papanigan ko si Bonifacio sapagkat lumaban siya at nagbuwis ng dugo. Kung babasahin natin ang kuwento ng "Sigaw ng Pugad Lawin," makikita mo ang kaniyang katapangan, handa talaga siyang ibuwis ang buhay alang-alang sa bayan.

**Maka-Rizal:** Subalit kaibigan tila ika'y nagkakamali. Hindi tamang sabihin na tapang lamang ang puhunan sa pagiging bayani. Si Rizal ay gumamit ng tapang at katalinuhan. Ito ang naghuhumiyaw sa kaniyang mga hindi mabilang na akdang isinulat. Kailangan ko pa bang isa-isahin ang kaniyang obra? Kaya, higit na mabuting sang-ayunan mo na ang aking paniniwala.

**Maka-Bonifacio:** Maghinay-hinay ka, ika'y mapapahamak sa matalim mong pananalita. Si Rizal ay puro salita lamang at kulang sa gawa. Inaanyayahan kitang mataman akong pakinggan. Si Bonifacio ay sumulat din naman ng mga akdang pumukaw sa puso ng kapwa katulad ng "Pag-ibig sa Tinubuang Lupa." Kayat masasabi kong nagtataglay siya ng talino sa kabila ng kakulangan ng pormal na edukasyon. Mas karapat-dapat tanghaling bayani si Bonifacio dahil sa maalab siyang napanday ng karalitaan.


**Maka-Rizal:** Huwag kang masyadong magtiwala, baka ika'y mahulog sa balong malalim. Bagaman si Dr. Jose Rizal ay lumaki sa karangyaan, puspos pa rin ang kaniyang buhay ng mga makabuluhang karanasan. Nasaksihan niya sa iba't ibang panig ng mundo ang bunga ng karahasan kayat ayaw niyang maganap din ito sa sariling bayan at pinili niyang daanin sa mahinahong paraan ang pagharap sa suliranin ng bayan. Ito ang itaga mo sa bato, kailanman hindi siya mapapalitan bilang dakilang bayani.

`Ipinunto ng isang panig ang paglabang walang dugo at ang kabila'y paglabang
madugo, gayundin ang epekto ng pagiging maralita at may-kaya sa paghubog ng pagkatao ng isang bayani. Kayo na ang humusga kung sino ang tunay na bayani sa isip, sa salita, at gawa: Si Rizal ba o si Bonifacio? (6 na puntos)

| Pag-aanyaya o Pag-iimbita | Paghihikayat | Pagbababala (Pananakot/ Pag-aalala) | Panunumpa at/o Pangangako | Pagpapayo at/o Pagmumungkahi | Pagsang-ayon at Pagsalungat |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | |

## Gawain B

**Panuto:** Punan ang Komik Istrip ng mga diyalogong naglalaman ng iyong naging pagsusuri sa damdaming nakapaloob sa akdang binasa mula sa social media. Sikaping ang diyalogo ay naglalahad ng mga ekspresiyon sa pagpapahayag ng layon o damdamin.



## TANDAAN

Ang Imperyong Mali na kilala rin sa tawag na Imperyong Manding ay naging makapangyarihan sa West Africa noong 1230 hanggang 1600 na siglo. Sa pamamayagpag nito, ang imperyo'y higit pang malawak sa Western Europe. Dito'y umusbong ang isang epiko na kabilang sa maituturing na dakilang kayamanan ng panitikang pandaigdig at maihahanay ito sa epiko ng Hindu na Ramayana at Mahabarata at epikong Griyego na Iliad at Odyssey. Ang epikong napag-aralan ay taal na tulang pasalaysay na pinagsalin-salin ang mga berso ng mahuhusay na mananalaysay na sinasaliwan ng instrumentong musikal. Itinampok dito ang mabuting pagbabagong dala ng pagtatagumpay laban sa kasamaan. Binigyang din dito, ang iba't ibang ekspresiyong nagpapahayag ng layon o damdamin na higit na nakatutulong para mas mapalutang ang marubdob na pangyayari sa isang epiko. Sa pamamagitan ng ekspresiyon sa pagpapahayag ng layon o damdamin iyong napagtanto na nakatutulong ang mga ito sa pakikipagtalastasan.

## PAG-ALAM SA MGA NATUTUHAN

**Gawain**

**Panuto:** Ilahad ang iyong argumento sa sumusunod na isyu. Gamitan ito ng mga ekspresiyong nagpapahayag ng layon o damdamin ayon sa hinihingi dito.

1. Isyu: Kabutihan o Kasamaan ang tunay na kampeon?
Layon: Pang-aanyaya/Pag-iimbita/Panghihikayat
Argumento: ___________________________________________

2. Isyu: Kailangan ba munang mamatay bago kilalaning bayani?
Layon: Pagsalungat/Pagsang-ayon
Argumento: ___________________________________________

3. Isyu: Susi sa pagtatagumpay: Katalinuhan at Kalakasan?
Layon: Pagpapayo/Pagmumungkahi
Argumento: ___________________________________________

4. Isyu: Sino sa ina o ama ang may malaking ambag sa pagkatao ng anak?
Layon: Pagbababala (Pananakot/Pag-aalala)
Argumento: ___________________________________________

5. Isyu: Nasa palad ba ng tao ang kaniyang pag-unlad?
Layon: Panunumpa/Pangangako
Argumento: ___________________________________________

## PANGWAKAS NA PAGSUSULIT

**GAWAIN A**

**Panuto:** Ibigay ang layon o damdamin ng mga pahayag. Piliin lamang ang letra ng tamang sagot. (5 puntos)

| | | |
|---|---|---|
| **a. Nagpapayo o Nagmumungkahi** | **b. Nag-aanyaya o Nag-iimbita** | **c.Nananakot** |
| **d. Nag-aalala** | **e. Nanunumpa o nangangako** | **f. Pagsang-ayon at Pagsalungat** |

____________1. Halika, maupo ka"t pakinggan mo ang plano para sa ating pag-atake.

____________2. Pangako, babalik ako at babawiin ang pag-aari ko na iyong

kinamkam.

____________3. Sumige ka"t makikita mo ang lupit ng aking kapangyarihan.

____________4. Mas makatutulong ang digmaan sa pagkamit ng ating kalayaan.

____________5. Tama ang iyong paniniwala na dapat mag-ingat sa mga lihim na kaaway.

**Gawain B**

Panuto: Pumili ng isa sa mga sumusunod na napapanahong isyu. Pagkatapos, ilahad ang iyong pananaw ukol dito gamit ang ekspresiyong *layon at damdamin.*

a. Pagpataas ng presyo ng karne ng baboy
b. Malawakang pagsasagawa ng pagbabakuna kontra COVID 19
c. Posibleng pagsasagawa ng face to face ng mga SHS

**Pamantayan sa Pagmamarka**

| Mga Krayterya | 5 | 4 | 3 | 2 |
|---|---|---|---|---|
| **Organisasyon** | Mahusay ang paglalahad ng ideya sa kabuoan ng isyung napili | Maayos ang paglalahad ng ideya sa kabuoan ng isyung napili | May lohikal na organisasyon ngunit hindi masyadong mabisa ang paglalahad ng ideya | Hindi maayos ang organisasyon at paglalahad ng ideya |
| **Gamit ng ekspresiyong layon at damdamin** | Mahusay at angkop na angkop ang pagkakagamit ng ekpresiyong layon at damdamin | May 1-2 ng ekpresiyong layon at damdamin ang hindi maayos at angkop sa pagkakagamit | May 3-4 na ekpresiyong layon at damdamin ang hindi maayos at angkop sa pagkakagamit | Hindi gumamit ng ekpresiyong layon at damdamin |

## SANGGUNIAN

Ambat, V. et al. (2015) *Filipino 10 Panitikang Pandaigdig Modyul para sa Mag-aaral.* Quezon City: Vibal Group Inc., pp.118-123, 303-322.

Marvel Entertainment, Thor - Trailer (OFFICIAL). (2010). https://www.youtube.com/watch?v=JOddp-nlNvQ. Retrieve January 25, 2021

Back-to-School "Comic Strip". Educationworld.com. https://www.pinterest.ph/pin/147281850289363220/?d=t&mt=signup&fbclid=IwAR3AqIXiSq5nwT_xYRRCpPe_6Ojsrv_lq7xW5uPG2G4HEElHirlDLUHRw4o. Retrieved January 25, 2021.

## SUSI SA PAGWAWASTO

**Pag-alam sa mga Natutuhan**

GAWAIN A

GAWAIN B

Sariling Sagot ng Mag-aaral

**Balik-Tanaw**

Sariling Sagot ng Mag-aaral

**Unang pagsubok**

1. Mali – Pagsang-ayon/Pagsalungat
2. Lagot ka- Nanakot
3. Kung ako ikaw – Nagpapayo/Nagmumungkahi
4. Inaanyayahan – Pagimbita
5. Itaga mo sa bato- Nangangako/Nanunumpa

**Pangwakas na Pagsusulit**

1. B
2. E
3. C
4. A
5. F

B. Sariling Sagot ng Mag-aaral